



EDITORIAL

Ipagbunyi ang ika-39 anibersaryo ng Kabataang Makabayan! Mapulang pagbati sa lahat ng mga kasapi ng KM! Pinakamataas na pagpupugay sa lahat ng rebolusyonaryong martir!

Sa araw na ito, ipinagdiriwang natin ang kapanganakan ni Andres Bonifacio, Dakilang Supremo ng Katipunan at magiting na kabataang namuno sa Digmaang 1896. Ngayon din ang kapanganakan ng Kabataang Makabayan, ang kauna-unahang kumprehensibong organisasyon na nagsilbing taliba organisasyon ng kabataang Pilipino. Simula nang itatag ang KM, mapagpasyang tinanganan ng mga tagapagmana ng di-natapos na Rebolusyong 1896 ang linya ng Bagong Demokratikong Rebolusyon.

Sa nagdaang mga dekada, umani ang organisasyon ng paalon-along pagsulong na kinatangian ng malalaking tagumpay at matitinding mga pagkakamali. Panandang-bato sa kasaysayan ang naging papel ng rebolusyonaryong kabataan sa Sigwa ng Unang Kwarto ng 1970. Tinuligsa ng KM ang malakolonyal at malapyudal na kaayusan at pinamunuan ang pagsulong ng kilusang anti-pasista sa buong bansa. Kahit nang ideklara ang Batas Militar, hindi natinag ang KM. Bagkus, malaking bilang ang nagtungo sa kanayunan upang magsilbing binhi sa paglakas ng armadong pakikibaka sa pambansang saklaw.

Dekada '80 nang dumanas ang KM ng matitinding mga pagkakamali bunga ng sistematikong paglihis sa linya sa Demokratikong Rebolusyong Bayan. Malaking bitak ang iniwan ng insurekyunismong lunsod sa organisasyon. Matinding distorsyon ang ibinunga nito sa pagsusuri sa praktika at kasaysayan ng pagsulong ng rebolusyonaryong kilusan ng kabataan-estudyante. Tanging ang pagbabalik-tanaw sa mga batayang prinsipyo at tungkulin ng sektor ang naging gabay ng KM sa pagpapanibagong-lakas nito pagsapit ng dekada '90. Dumaan ito sa isang masalimuot na Kilusang Pagwawasto upang mapangibabawan ang panghihinang dinanas bunga ng lihis na pagsusuri at mga kamalian.

Ngayong ika-39 anibersaryo, napakalaki na ng isinulong ng KM. Hindi na ito musmos sa pakikibaka. Responsable na itong gumagampan ng mga mahahalagang tungkulin sa pagsusulong ng rebolusyon. Nagsilbing aral ang mga nagdaang pagkakamali upang ibayo pang umunlad ang organisasyon at mas mahigpit nitong tanganan ang oryentasyong paglingkurang ang malawak na masa ng sambayanan.

Mula taong 2000-2002, mahigit 100 rebolusyonaryong kabataan mula sa mga malalaking unibersidad at pamantasan sa NCR ang tumungo sa kanayunan at sumapi sa Bagong Hukbong Bayan. Hindi pa kasama rito ang mga kasamang sumampa mula sa iba't ibang rehiyon. Ngayong taong ito, mahigit-kumulang isang dosenang KM ang nagpasya nang buong-panahong kumilos bilang mga Pulang Mandirigma. Signipikanteng bilang din ang naitalaga sa ilan pang mga mahahalagang gawain sa rebolusyon sa iba't ibang mga sektor at larangan.

Hindi makakamit ng KM ang mga tagumpay na ito kung hindi nito pinanghawakan ang wastong linya sa rebolusyon matapos ang panahong ng paglihis. Pangunahin rito ang pagkilala nito sa pamumuno at gabay ng Partido Komunista ng Pilipinas bilang pinakaabanteng destakamento ng proletaryadong namumuno sa Bagong Demokratikong Rebolusyon. Mulat na kinikilala ng KM na hindi kailanman



Kalayaan

Espesyal na Isyu

Nobyembre 30, 2003

Nilalaman

Editorial

Ipagbunyi ang ika-39 anibersaryo ng Kabataang Makabayan!	1
Mensahe ng KM sa Kabataang Pilipino	4
Mensahe ng KM sa Ika-5 Taon ng Anakbayan	9

Balita

Matagumpay na Opensiba ng BHB	
Pagpaslang sa 4 na Kabataan sa Davao	3
Unang Tatag	5

Lathalain

PADEPA: Pag-aaral sa Gitna ng Opresyon	6
Makabayang Pasya	7

Kultura

Pananambitan	8
Kasal	
Isang Gabi Lang Tayo Maglalamay	9
Datos ng Buhay	

Parangal

Adakrab	12
---------	----

Ang *Kalayaan* ay regular na inilalabas ng Pambansang Kalihiman ng KM.

Maaari itong i-download mula sa kabataangmakabayan.tripod.com.

Tumatanggap ang Kalayaan ng mga kontribusyon, artikulo, rebyu at likhang-sinig mula sa mga kasapi ng KM sa buong bansa. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng kanilang mga puna at mungkahi para sa ikauunlad ng pahayagan. Maaari kaming i-email sa kabataangmakabayan64@yahoo.com.

maihihiwalay ang lokal at sektoral na pakikibaka sa pakikibaka ng buong sambayanang Pilipino. Tunay na walang lakas ang kilusang kabataan kung hindi ito nakasandig sa malawak na kilusan ng mamamayan.

Sa patuloy na paglakas at paglaki ng ating kasapiang, patuloy ding dumarami ang ating mga tungkulin sa rebolusyon. ***Kasalukuyang hamon sa KM ang mas malawakan pang pagtatatag ng mga balangay sa lahat ng kinikilusang paaralan at komunidad.*** Magaganap lamang ito kung magiging katuwang tayo ng Partido at ng masang Pilipino sa pakikibaka para sa mga batayang serbisyo at demokratikong karapatan – sa lupa, sahod, at trabaho. Ang ating sektoral na panawagan para sa batayang serbisyo sa edukasyon ang magsisilbing tuntungan para sa mas masaklaw pang panawagan para sa pambansang demokrasya at kasarinlan.

Matimong pag-aralan din natin ang kasaysayan at kasalukuyang kalagayan ng lipunan. ***Pagyamanin ang Pambansa Demokratikong Paaralan para sa pagsulong ng wastong pagsusuring ginagabayan ng Marxista-Leninista-Maoistang kaisipan.*** Tungkulin nating pasiglahin ang kilusang pag-aaral sa ating hanay at harapin ang pakikipagtunggali sa mga maling pananaw na patuloy na lumalaganap sa loob at labas ng ating organisasyon. Sa pamamagitan nito, nasasandatahan ang KM sa mga darating pang mga pagsubok at pakikibaka dulot ng patuloy na pag-igting ng krisis sa ekonomiya at pulitika.

Habang tumatanda ang KM, patuloy na nahihihinog ang rebolusyonaryong kalagayan. Higit na maigting ang panawagang tumungo tayo sa kanayunan at doon kumilos ng buong-panahon. ***Ang KM ay di-masasaid na balon ng mga rebolusyonaryong kabataang handang paglingkuran ang masang magsasaka at maging kasapi ng Bagong Hukbong Bayan.*** Pinakadakilang tungkulin natin ang buong-pusong pag-alay ng lakas at panahon sa sumusulong na armadong rebolusyon.

Pinakamataas na pagpupugay ang iginagawad ng KM sa mga kabataang nag-alay ng buhay at naging martir ng sambayanan. Dinadakila natin ang kanilang taimtim na pagtanggap sa sakripisyo at kamatayan alang-alang sa pagsulong ng rebolusyon hanggang sa tagumpay. Mananatiling buhay ang kanilang alaala at pakikibaka sa patuloy na pagsulong KM. ✍

Matatagumpay na Opensiba ng BHB : 38 armas nasamsam ng BHB sa mga taktikal na opensiba

Tatlumpu't walong armas na iba't ibang kalibre ang nasamsam ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa serye ng mga taktikal na opensiba nitong huling linggo ng Oktubre. Labindalawang pwersa ng kaaway ang napatay at di bababa sa tatlo ang nasugatan.

Sa Northern Samar. Sampung malalakas na riple at siyam na pistola ang nadagdag sa arsenal ng BHB nang salakayin ng mga Pulang mandirigma nitong Oktubre 24 ang himpilan ng pulisya sa bayan ng Gamay.

Sakay ng walong pampasaherong dyip, nilusob ng mga Pulang mandirigma bandang alas-6:30 ng umaga ang munisipyo ng Gamay, sa hilagang-silangang bahagi ng prubinsya. Habang nakikipagbarilan ang pwersang pang-assault ng BHB sa apat na pulis sa hedkwarters, pinasok ng ibang gerilya ang mga bahay ng dalawang pulis na malapit sa munisipyo.

Isang pulis ang nasugatan. Walang tinamong pinsala ang mga Pulang mandirigma.

Sa Isabela. Napatay ang pitong tropa ng pinagsanib na pwersa ng 53rd Reconnaissance Company (RC) at ng 45th IB nang ambusin ang mga ito habang tumatawid ng ilog sa Sityo Kurawitan, Barangay Binatug, San Mariano noong umaga ng Oktubre 25.

Ayon sa pahayag ni Victor Servidores, tagapagpahayag ng Fortunato Camus Command (FCC) ng BHB-Hilagang Silangang Luzon, di rin bababa sa pito ang nasugatan sa ambus na tumagal

nang humigit-kumulang limang oras. Taliwas sa pahayag ng 5th ID na anim na gerilya ang napatay, walang kaswalti sa hanay ng BHB.

Sa Bulacan. Tatlong pulis ang napatay at sampung armas ang naagaw sa matagumpay na reyd ng BHB sa detatsment ng Maritime Command ng Philippine National Police (PNP) sa Barangay Poblacion, Hagonoy, Bulacan noong gabi ng Oktubre 30.

Pagkababa sa sinasakyang van, mabilisang pinasok ng mga Pulang mandirigma ang himpilan, na malapit sa munisipal na istasyon ng pulisya. Makaraan ang sampung minutong putukan, napatay ang tatlong pulis at nasugatan ang isa. Umatras ang BHB sakay ng dalawang bangkang de-motor na nakadaong sa ilog sa likuran ng detatsment.

Walong M16, isang .45 at isang .38 ang nasamsam ng BHB. Ayon sa pahayag ng Komiteng Larangang Gerilya sa Kanlurang Bulakan-Pampanga, pinarusahan ang PNP Maritime Command dahil protektor ito ng malalaking negosyante sa pangisdaan at kinokotongan nito ang maliliit na mangingisda.

Sa Zamboanga del Sur. Dalawang elemento ng CAGFU ang napatay at nasugatan ang isang sarhento nang salakayin ng mga Pulang mandirigma ang detatsment ng 51st IB sa Barangay Fatima, San Miquel noong madaling araw ng Oktubre 27. Sinunog muna ng BHB ang kampo bago umatras dala ang nakumpiskang tatlong malalakas na riple.

Sa Tarlac. Isang M16, isang M14, isang 9 mm at isang .38 ang nasamsam ng mga mandirigma ng Nelson Mesina Command ng BHB nang lusubin nila ang detatsment ng PNP sa Barangay Lubigan, bayan ng San Jose noong Oktubre 26. Dumating ang mga gerilya sakay ng tatlong dump truck ng Provincial Engineers' Office. ☞

Pagpatay sa 4 na kabataan sa Davao, kinondena ng KM

Mariing kinondena ng Kabataang Makabayan ang walang-awang pagpaslang ng mga elemento ng militar kina Lito Doydoy, Marjorie Reynoso, Jonathan Benaro at Ramon Regase, mga kasapi ng Anakbayan, Anak ng Bayan at Sangguniang Kabataan. Natagpuang tadtad ng saksak at may bakas ng tortyur ang kanilang mga bangkay sa Compostela Valley noong Setyembre 22.

"Nagbibigay pugay kami sa apat na kabataang martir sa kanilang naging ambag sa pagsusulong ng mga interes ng masang Pilipino. Nakikidalamhati kami sa kanilang mga pamilya at kaibigan," ani Andres Guerrero II, pambasang tagapagsalita ng KM, sa isang pahayag. "Ang marahas na pagpatay at pagtuligsa sa mga lider-kabataan ng Military Intelligence Group (MIG) ay isang malinaw na ekspresyon ng walang-hiya at sagad-sagaring panlilinlang ng rehimeng Macapagal-Arroyo sa sektor ng kabataan. Ang malawakang terorismo ng estado na ipinapataw ng rehimen sa mamamayang lumalaban, sa pamamagitan ng mga istitusyong militar, ay lubos na nakakaapekto sa kabataan," dagdag pa niya.

Tinukoy ni Guerrero ang kaso ng pagpaslang kay Benjaline Hernandez, 22, estudyante at mamamahayag sa Davao, sa humahabang bilang ng mga lider-kabataan at aktibistang naging biktima ng terorismo ng estado. Ipinawalang-sala ang mga elemento ng militar at CAGFU na pumaslang sa kanya.

"Ang all-out war ng rehimen laban sa CPP-NPA-NDF ay naghahasik ng lagim sa kabataan at mamamayan sa layunin nitong pigilan ang patuloy na pagsulong ng rebolusyonaryong kilusan. Bukod sa Mindanao, paparami ang mga tropang militar na itinatalaga sa mga erya ng NPA upang maglunsad ng mga operasyong nakatuon sa mga sibilyan at ligal na demokratikong kilusan," ani Guerrero.

Para sa KM, sa halip na matakot, ang kamatayan ng apat na martir ay magsisilbong inspirasyon sa mga kabataan upang lubos na yakapin ang adhikain ng rebolusyon. "Sa harap ng papatinding represyon at militarisasyon, hindi natitinag ang kabataan sa kanilang paninindigan. Lalo lang nitong pinalalakas ang kapasyahan nilang labanan ang anti-kabataan at anti-mamamayang rehimen. Sa rebolusyonaryong pakikibaka, ipagtatagumpay ng kabataan ang kanilang kinabukasan," wika niya. ☞

Mensahe ng Kabataang Makabayan sa Kabataang Pilipino: Ipagdiwang ang malalaking tagumpay ng rebolusyonaryong kilusan ng kabataan-estudyante! Isulong ang pambansa demokratikong pakikibaka!

Lubos ang kagalakan ng Kabataang Makabayan sa ika-39 na kaarawan nito. Mula nang itatag ang KM noong Nobyembre 30, 1964, marami nang karanasang pinagdaanan ang rebolusyonaryong kilusan ng kabataan-estudyante at nagkamit ito ng malalaking tagumpay sa pakikibaka.

Malaking ambag sa mga nakaraang tagumpay ang pagwawasto ng RKKE sa maling linya at muling pagpapatibay ng paninindigan sa mga saligang prinsipyo ng rebolusyon. Malaking bilang ng patriyotiko at rebolusyonaryong kabataan ang tumungo sa hanay ng masa sa kanayunan at kalunsuran upang magmulat, mag-organisa at magpakilos para sa pambansa-demokratikong pakikibaka.

Gayunpaman, kasabay ng ibayong paglakas ng RKKE ang mas matitindi pang mga pakikibaka dulot ng hagupit ng papalalang kalagayan ng malakolonyal at malapyudal na lipunang Pilipino.

Lumalalim ang krisis pampulitika

Lantad na lantad na ang kabulukan at ang sagad-sagaring pagsasamantala ng rehimeng Macapagal-Arroyo. Sa loob ng maikling panahon ng kanyang panunugkulan, matagumpay nating naihiwalay si GMA sa pinakamalawak na bilang ng masang inaapi at pinagsasamantalahan.

Ang kasalukuyang mainit na isyu ng naantalang pagdinig sa kaso ng *impeachment* laban kay Chief Justice Hilario Davide ay nagpapakita lang ng ibayong pagtindi ng krisis pampulitika sa bansa. Nagdulot ito ng mga bangayan at paksyon sa pagitan ng mga lokal na naghaharing-uri sa pamahalaan.

Itinuturing nating tagumpay ng mamamayan ang nabigong sabwatan nina Danding Cojuangco at Arroyo sa kanilang pakanang *impeachment*. Nailantad ng rebolusyonaryong kabataan, sa pamamagitan ng malawakang pag-aaral at pagsusuri, ang tunay na layunin ng kanilang kolaborasyon. Lumabas ang hangarin ni Danding na bawiin ng Korte Suprema ang naunang hatol nito sa P120B pampublikong pondo ng *coco levy*, kapalit ng suportang pinansyal para sa kandidatura ni Gloria sa eleksiyong 2004. Binuo ang alyansang ito upang isulong ang kani-kanilang mga ganid, makitid at pang-ekonomikong interes.

Malinaw sa atin na pakitang-tao lang ang kampanya ng rehimen laban sa korupsiyon. Bilyon-bilyong piso na ang naibulsa ng pamilyang Arroyo para isakatuparan ang hangarin nitong manatili sa poder at lalo pang magpayaman at magsamantala. Bumulalas sa mamamayan ang malalaking halagang nahuthot niya mula sa mga maanomalyang kontrata ng Macapagal Blvd., Jancom Corp., CODE-NGO, PiatCo, at pinakahuli, ang pagkabunyag ng mga *bank account* ni Jose Pidal.

Pinakabagong pakana naman ni Gloria ang pagtataguyod ng "lubusang rekonsilyasyon" sa pagitan ng pamilyang Marcos, dating pangulong Estrada, Sen. Lacson, Honasan, MILF at Partido Komunista ng Pilipinas. Patunay lamang ito na desperado na siya at gagawin ang lahat upang makuha pati ang suporta at boto ng oposisyon sa darating na eleksyon.

Subalit hindi na nito kayang linlangin ang malawak na bilang ng mamamayang patuloy na dumaranas ng matinding panunupil at kahirapan. Hindi na nito kayang pagtakpan ang pinsalang idinudulot ng walang-habas na pandarambong ng kanyang pamilya at ng ilang alipores nito sa kaban ng bayan.

Mga tungkulin ng kabataang Pilipino

Dapat samantalain ng RKKE ang malawak na diskuntento ng mamamayan sa kasalukuyang rehimen. Samantalain natin ang lumalalang hidwaan sa pagitan ng mga reaksyunaryo't naghaharing uri. Patuloy tayong magpunyagi sa pagkilos upang pabagsakin ang pinakakorap, papet at pasistang si Arroyo. Kinakailangang gamitin natin ang lahat ng pagkakataon upang mailantad sa malawak na hanay ng masa ang lagapan na korupsiyon, pandarambong at pagsasamantala ng rehimeng Arroyo. Ang patuloy na paglala ng krisis pampulitika at pang-ekonomiya ang maghihiwalay kay Arroyo sa hanay ng malawak na masang mamamayan.

Sa darating na eleksiyong 2004, tiyak na gagamitin ni Gloria ang lahat ng tipo ng pandaraya maipagpatuloy lang ang pandarambong sa yaman ng bayan. Tiyak na titindi pa ang bangayan sa pagitan ng mga naghaharing uri kapag nangyari ito. Sa pagkakataong ito, mararanasan ni Arroyo ang matinding galit at diskuntento ng mamamayan na magdudulot sa natitiyak na pagbagsak ng kanyang rehimen.

Ang pananatili sa poder ni GMA ay nangangahulugan ng pagpapananatili at ibayong pagpapatindi sa krisis ng malakolonyal at malapyudal na lipunan. Patuloy na makakaranas ang mamamayan ng kawalan ng kabuhatan at panunupil sa kanilang mga demokratikong karapatan.

Isulong ang pambansa demokratikong pakikibaka!

Tungkulin ng KM at ng kabataang Pilipino na buuin ang pinakamataas na antas ng pampulitikang pagkakaisa sa hanay nito. Pasiglahin muli natin ang mga pag-aaral sa lipunan at partikular na katangian ng rebolusyong Pilipino. Hindi dapat matinag ang rebolusyonaryong kabataan sa pagsulong nito ng batayang serbisyo sa edukasyon, at karapatan sa lupa, sahod at trabaho para sa hanay ng batayang masa.

Patuloy tayong magpunyagi sa linya at patakaran ng demokratikong rebolusyong bayan. Katuwang ng KM ang mamamayang Pilipino sa walang-sawang pagmulat, pag-organisa at pagpapakilos sa hanay ng kabataan-estudyante.

Pinakamataas na pagpupugay ang iginagawad ng KM sa mga kabataang martir na nag-alay ng kanilang pawis at dugo para sa pambansa-demokratikong pakikibaka. Ipagpatuloy natin ang sinimulan nilang laban. Makakamit lamang natin ang pinakamataas na antas ng solidong pagkakaisa kung ang pinakamaraming bilang ng ating kasapi ay buong-pusong yayakap sa prinsipyo ng matagalang digmang bayan. Maibabagsak lamang natin ang mga naghaharing-uri sa lipunan kung patuloy nating itataguyod ang linya ng DRB.

Tayong mga kabataan ang tagapagmana ng rebolusyonaryong adhikain. Tayo rin ang tatapos nito at sisilay sa mapulang tagumpay ng sambayanang Pilipino.

Unang Tatag ni Jo Makabayan

Gabi na nang dumating ako sa bahay ng mga kasamang matagal ko ring nakapiling sa araw-araw na mga gawain sa kilusan. Gabi na pero abala pa rin ang iba sa paggawa ng mga propaganda para sa kampanya. Ang iba naman ay nagpapahinga na pagkatapos ng isang makabuluhang araw sa komunidad na nakaambang *i-demolish*.

Sadya ko talagang kausapin doon si Erwin. Tagapangulo siya ng *Emmanuel Lacaba Chapter* ng Kabataang Makabayan sa isang sikat na unibersidad sa bansa. Ito ang kauna-unahang balangay ng KM sa kanilang pamantasan. Bakas sa kanyang mukha ang alaala ng masayang pagdaraos ng asembleya ng balangay sa pagkakatatag nito.

Pagtatagpo't Pagkakaisa

Unang araw iyon ng Agosto. Bandang alas-7 ng gabi, bumiyahe na ang grupo nila patungong Gitnang Luzon. Inabot ng halos dalawang oras ang biyahe. Pagdating nila sa lugar, biglang bumuhos ang malakas na ulan. Agad na bumaha sa kalsadang nilakaran nila. Lulan ng tricycle, hindi maiwasang mabasa sila ng ulan. Hindi sila agad nakarating sa bahay na kanilang tutuluyan dahil sa lakas ng buhos ng ulan at madilim na kapaligiran. Saka nila naisip na naliligaw na pala sila. Ilang beses pa silang nagpabalik-balik at nagpaikut-ikot sa baryo. Habang ikinukwento ito sa akin ni Erwin, natatawa na lamang siya sa kanilang sinapit. Aniya, masaya pa rin ang kanyang mga kasama noong gabing iyon kahit na basang-basa at naliligaw na sila. Bandang alas-11 ng gabi nang nasimulan ang programa. Tahimik na ang paligid. Tumila na rin ang ulan. Sinimulan ni Erwin ang pagpapakilala.

Galing sa iba't ibang antas ng pamumuhay at kinagisnang kalagayan ang mga kasapi ng KM na naroon. Isa-isang ibinahagi sa akin ni Erwin ang kwento nila: Bago maorganisa si Pipo, mahilig na siyang tumambay nang lasing sa kanyang kolehiyo. Ngayon, malaki na ang ipinagbago niya. Si Gerry naman, nagmula sa uring mataas na petiburges. Mahilig daw siyang gumimik, mag-*shopping* at gumastos noon. Nakakatuwa dahil hindi pa man daw niya lubos na unawa ang rebolusyon at ang kilusan, malinaw sa kanya na may kailangang siyang gawin para baguhin ang lipunan. Pinili niyang sumanib sa KM para sa pagkamit ng layuning ito.

Ikinuwento rin sa akin ni Erwin sina Ela, Eva at Elsa, ang tinatawag nilang tatlong Maria. Pawang mga *self-supporting* na mga estudyante ang tatlo. Dahil sa kawalan ng trabaho, *self-employed* ang kanilang mga magulang. Kulang na kulang ang kanilang kinikita upang tustusan ang kanilang pag-aaral. Habang nag-aaral at nagtatrabaho, mulat nilang hinahanapan ng oras ang paggampan sa mga rebolusyonaryong gawain at mahusay nila itong ginagampanan. Unawa nila ang kahulugan at ugat ng kahirapan dahil personal na nararanasan ito ng kanilang mga pamilya. Kaya naman patuloy silang kumikilos para wakasan ang tatlong salot ng lipunan.

Kung dati raw ay hindi sila magkakakilala, ngayo'y magkakarugtong na ang kanilang buhay. Pinag-isa sila ng kanilang paghahangad ng makatarungan at makabuluhang pagbabago sa lipunan. Sinisikap nilang unawain ang kasalukuyang kalagayan ng lipunan kasama ng mamamayang sa kanila ay nagtuturo at nagbibigay inspirasyon. Masayang binanggit ni Erwin na halos lahat sa kanila ay may perspektibang tumungo sa kanayunan upang isulong ang pinakamataas na porma ng pakikibaka, ang armadong paglaban. Lubos akong humanga sa kanila. Hangad ko ang patuloy na paglalim ng kanilang pag-unawa sa rebolusyon at pagmamahal para sa masang anakpawis.

Sa pag-aaral nila ng oryentasyon ng KM, tapat at taimtim silang nakikinig. Higit pa sa pagiging aktibista, nais nilang maging mabubuti at mahuhusay na rebolusyonaryo para sa bayan. Silang mga kabataan, tulad ko, ang siyang tagapagmana ng rebolusyon.

Inabot sila ng alas-dos ng madaling araw sa kanilang talakayan. Nakahanda na ang kapeng pantanggal nila ng antok, pero wala pang nais matulog. Masigla pa rin silang nagkukuwentuhan ng mga karanasan

at nagbabalik-tanaw sa nakalipas na dalawang buwan nilang pinagsamahan.

Panahon ng Pagkokonsolida't Pagpapalawak

Dalawang buwan ang kanilang naging paghahanda para sa asembleya. Sinikap ng noon ay komiteng pang-organisa pa lamang ang gawaing pagpapalawak at pagkokonsolida sa KM. Nakatutok ang komite sa dalawang kolehiyong may potensyal na magluwal ng maraming pang aktibista. Sa simula'y kinakapa pa ng komite ang estilo at paraan ng pagkilos sa dalawang kolehiyo hanggang sa maging regular na ang kanilang mga ipinapatawag na mga pagtitipon.

Sa nakalipas na dalawang buwan bago mapormalisa ang balangay, masisiglang laban at kampanyang masa ang nilahukan ng mga kasapi ng KM. Nariyan ang kampanya laban sa mga anti-estudyante't anti-mamamayang panukala ng gobyerno sa edukasyon, at ang pagtalikod nito sa tungkuling pondohan ang mga serbisyong panlipunan. Lumahok din sila sa kampanya laban sa panghihimasok ng imperyalistang Estados Unidos sa Pilipinas.

Tuwing hapon, kung hindi sila gumagawa ng mga *pins* at namamahagi ng mga polyeto sa mga estudyante, nagru-room-to-room at nagkakabit sila ng mga *poster*. Nagtitipon at nag-aaral din sila ng mga kurso ng KM at mahahalagang isyu ng bayan. Naging mahalaga ang papel dito ni Belai, ang tumatayong pangalawang tagapangulo para sa organisasyon.

Matapos ang bawat produktibong araw, sabay-sabay silang nagmimeryenda ng *fishballs* o monay at nagyoyosi *break*. Sa gabi naman, magkakasama silang naghahapunan. Sa proseso ng kolektibo nilang paggampan sa kanilang mga rebolusyonaryong tungkulin, madaling napalapat ang loob nila sa isa't isa. Patuloy silang umani ng mga kasapi sa KM at mabilis nilang naipwesto ang araw ng asembleya ng balangay.

Tungo sa Higit pang Pagsulong

Kinabukasan, malalim pa nilang tinasa ang kanilang naging paghahanda. Nauunawaan nila na mayroon pa silang mga dapat paunlarin sa kanilang gawain sa balangay: sa pagpapasigla ng kanilang mga kampanyang edukasyon at sa pagpapagana, tulungan at koordinasyon ng kanilang mga grupong pang-organisa, at pagpapasigla ng mga kampanyang masa. Alam nilang sa pagharap at pagresolba sa mga ito nakasalalay ang higit pa nilang pagsulong.

Pagkatapos ng kanilang pagtatasa, nagdaos sila ng eleksyon. Naglunsad din sila ng taas-kamaong panunumpa at nagplano ng mga hakbang para sa ideolohiya, pulitika at organisasyon ng kanilang balangay.

Patapos na ang aming kwentuhan nang tanungin ko si Erwin kung bakit Emmanuel Lacaba ang pangalan ng kanilang balangay. Maikli lamang ang naging paliwanag niya sa akin. Bukod sa pagiging isang makabayang artista, lubos niyang niyakap ang diwa ng paglilingkod sa sambayanan. Bilang isang rebolusyonaryo, nakita niya na hindi ang mga intelektwal lang ang babago sa lipunan. Kailangan nilang makipamuhay at magmulat sa mamamayan. Saka niya idinagdag ang mga kataga ni Emman, "Awakened, the masses are Messiah."

Gabi na nang matapos ang kanilang programa. Magsisilbing inspirasyon ang matagumpay nilang pagdaraos ng asembleya sa iba pang itatayong balangay ng KM sa kanilang pamantasan. Sa kanilang pag-uwi muli na naman silang inabangan ng malakas na buhos ng ulan. Ngunit maliwanag ang kinabukasang naghihintay sa pagtatagumpay ng pakikipagtuos sa unos ng ating panahon. ☺

PADEPA: Pag-aaral sa gitna ng opresyon

ni Juliana Almendralejo

May ikalimang sulok ang silid-aralan. Dito tinatalakay ang mga usaping lingid sa “regular” na kurikulum. Dito, iba ang diwa ng pag-aaral: natututo ang mag-aaral sa guro, ang guro sa mag-aaral, at ang mag-aaral sa kapwa-mag-aaral.

Sa panahong malalim ang kagat ng opresyon na ikinukubli ng isang “demokratikong” kaayusan, higit ang pangangailangang pag-aralan ng kabataan ang kasaysayan at tunay na kalagayan ng lipunan. Ito ang pangunahing nagtutulak kay Osang, tagapangulo ng balangay ng Kabataang Makabayan (KM) sa isang sikat na pamantsan, upang pasiglahin ang kanilang Pambansang Demokratikong Paaralan (PADEPA).

Taliwas sa “regular” na mga klase, ang PADEPA ay isang paaralang hindi nakasalalay sa espasyo at oras. Ito ay nagaganap kahit saan, sa anumang oras, basta’t may mga guro at estudyanteng maalab ang kagustuhang pag-aralan ang tunay na kalagayan ng bansa. Pinag-aaralan sa PADEPA ang bawat usaping hindi tinatalakay sa klase, mga isyung hindi natutugunan, o tuwirang ikinukubli, ng mga pang-akademikong institusyon.

Tunguhin ng PADEPA na ihayag ang kalagayan ng mga pinagsasamantalang sektor, na kinabibilangan ng magsasaka, manggagawa, kababaihan, at kabataan – ang bumubuo sa malaking porsyento ng lipunan. Ibinubunyag nito ang karanasan at tunay na kasaysayan ng opresyon sa Pilipinas.

Pagtuligsa sa “regular” na klase

Kung saan natatapos ang “regular” na klase, doon nagsisimula ang PADEPA. Sinusundo nina Osang ang kanilang mga estudyante pagkatapos ng kani-kanilang mga “regular” na klase. O di kaya’y pinupulong sila sa kani-kanilang tambayan. Minsan naman, kinakausap nina Osang ang mga guro upang payagan silang magbigay ng diskusyon sa oras ng kanilang mga klase. Ilang makabayang propesor na rin ang pumayag ng bigyan sila ng dalawa o tatlong magkakasunod na araw upang magturo ng ilan sa mga kursong tinatalakay sa PADEPA.


Madalas, dalawang kabataang instruktur ang nagsasalitan sa pagtuturo. Ang iba pang instruktur ay umuupo katabi ang mga estudyante upang tumulong sa pagpapalawig tungkol sa paksa. Madalas, inuumpisahan ang pag-aaral sa mga *educational discussions* tungkol sa mga napapanahong isyu tulad ng sitwasyon ng bansa o ng kampus. Sa pagtalakay ng mga paksang ito, napupukaw ang interes ng mga estudyante na lalo pang matuto. Dito na sila iniimbitahan ng mga miyembro ng KM upang ibayo pang mag-aaral sa PADEPA.

Sa karanasan nina Osang, tinutukoy ng mga estudyante ang mga bakanheng oras nila. Sa mga panahong ito nagaganap ang mga pag-aaral. Dito na sinisimulang talakayin ang mga kursong tulad ng Maikling Kurso sa Lipunan at Rebolusyong Pilipino, Limang Gintong Silahis, Araling Aktibista, Espesyal na Kursong Makabayan ng Kabataan, Magsasaka at Kababaihan, at mga artikulo sa “Struggle for National Democracy” tulad ng Task of the Second Propaganda Movement at ang Kilusang Paggawa. Layunin ng mga itong hubugin ang kaalaman ng mga estudyante sa pamamagitan ng kanilang aktwal na karanasan. Ayon kay Osang, karamihan sa mga estudyante sa kanilang pamantasan ay kabilang sa batayang sektor ng lipunan. Dahil dito, mas madali nilang nauunawaan ang pagsasamantala at kahirapan. Kaya sa pagtatapos nila ng ilang kurso sa PADEPA, sila na rin mismo ang nangunguna sa pagtuturo sa iba pang mag-aaral.

Sinisikap nina Osang na magbigay ng mga pag-aaral sa mas malawak pang bilang ng mga estudyante. Walang isang araw na pinalalampas sina Osang. Inaabot sila hanggang alas-7 ng gabi sa paaralan sa kanilang mga inilulunsad na pag-aaral.

Pag-aaral sa mga komunidad

Hindi natatapos sa loob ng paaralan ang pagtuturo nina Osang. Pagkatapos ng isang buong araw ng pagtuturo sa mga estudyante, tumutungo sila sa isang komunidad sa tabi ng riles malapit sa kanilang pamantasan.





Makabayang Pasya

ni Bojie de Silva

Isang engkuwentro, humantong sa pagpapasiyang ialay ang sarili sa bayan.

Sa kumot ng usok habang balisa sa isang karinderya sa Philcoa, inantig ng dalawang maralitang bulag ang rebolusyonaryong damdamin ni Karlos, 22, aktibong kasapi ng Kabataang Makabayan (KM). Ang pinaghatiing order ng ulam ng dalawa, bagamat salin sa ordinaryo, ay pahiwatig ng isang lipunang kumakalam ang simura – patuloy na iniipit ang masa sa karalitaan.

Ang pagkakataong ito, na napalalim pa sa mga Educational Discussions (ED) at pag-aaral na kanyang nakuha, ang nagpamulat sa kanyang mahalaga ang kanyang maiaambag sa rebolusyonaryong kilusan. Isang malaking kabalintunaan ito para sa kanya dahil bulag pa ang nagmulat sa kanya ng tungkuling dapat niyang gampanan.

Pagtatagpo

Hinatak si Karlos ng mapang-usisang pag-iisip na pag-aralan ang mga tampok na isyu ng lipunan bago pa man siya anyayahang sumapi sa KM. Kasagsagan noon ng balita ng teroristang pag-atake sa World Trade Center sa Estados Unidos (EU) noong Setyembre 11, 2001.

Aniya, hindi bumenta sa kanya ang naganap na “media hype” ng EU. Maging ang balak nitong pag-atake sa Afghanistan at ang “War on Terror” ay sinalubong lang niya ng mas malawig pang pang-uusisa. Lumahok siya sa mga ED, at nagbasa ng mga makabayang libro at lathalain. Nalaman niyang napakalaki pala ng atraso ng EU sa mamamayan ng mundo dahil sa imperyalistang panghihimasok nito. Lalong binagabag si Karlos ng mga tanong. Hindi na lamang ang isyu sa likod ng 9/11 Attacks ang binuno ng kanyang kamalayan.

Sumali si Karlos sa isang Pangmasang Organisasyon (MO). Dito niya pinalawig ang pag-aaral sa lipunan sa pamamagitan ng pagsisiyasat sa mga suliranin ng masa. Nasalin sa kanyang bokabularyo ang mga salitang tulad ng “imperyalismo.” Naging malinaw din sa kanya ang malapyudal at malakolonyal na katangian ng lipunan.

Hindi nagtagal, inanyayahan siyang sumapi sa KM. Masigasig at sinsero sa paggampan ng kanyang mga gawain sa kilusan. Hindi lumaon, dumating ang pagkakataong makapag-integrate siya sa Bagong Hukbong Bayan. Noong una, natural ang pag-aalinlangan ni Karlos. Resolbado na nga ba siya sa pagsusulong ng armadong

SUNDAN SA PAHINA 8

Alam nina Osang na walang kakayahang magbayad para sa edukasyon ang mga kabataan sa komunidad at maralitang-lunsod. Ngunit ang PADEPA ay walang kinikilalang uri. Bukas ito para sa lahat. Sa mga pag-aaral dito, inaabot sina Osang hanggang alas-10 ng gabi.

Noong una, nagpapalipas lamang ng oras sina Osang sa komunidad na iyon. Kinilala muna nila ang mga kabataan sa lugar sapagkat marami sa kanila ang miyembro ng mga *gang* at *fraternity*. Sa paglaon, naging kaibigan na rin nila ang mga ito at unti-unti nang tinuruan ng mga kursong napapaloob sa PADEPA.

Ayon kay Osang, iba ang pamamaraan nila ng pagtuturo sa mga komunidad. Pormal at “classroom-type” ang diskusyon nila sa mga estudyante. Sa komunidad naman, paraang “kuwentuhan” ang ginagamit nila sa pagtuturo. Kinikilala nila ang magkaibang katagian ng mga kabataan sa komunidad at mga estudyante. Sa ganitong paraan, maluwag sa loob at buong-puso silang pinapapakinggan at tinatangkilik ng mga mag-aaral.

Pag-aaral at pagkilos

Magkaiba man ang pamamaraan, pareho pa rin ang nilalaman. Pareho pa rin ang tunguhing maipaliwanag sa mga estudyante ang tunay na kalagayan ng ating lipunan. Ganoon pa rin ang panghihikayat na isapratika ang lahat ng napag-aaralan sa PADEPA.

Sapagkat, sabi ni Osang, ang pag-alam ang pundasyon ng praktika. Dito nauugat ang batayan ng pagkilos. ☞

Mula sa "Makabayan...", pahina 7

pakikibaka? Sa teorya, maaari. Ngunit ang kaakibat na "sakripisyo, kamatayan, at kahirapan," na taliwas sa kinagisnan niyang buhay, ang nagdudulot ng pagdududa sa kanyang pasyang isapraktika ang mga napag-aralang teorya. Ang kanyang hangaring matuto pa sa masa ang nag-udyok sa kanyang tumuloy sa integrasyon.

Masukal na landas

Binagtas ni Karlos ang sampung oras na biyahe pahilaga para hanapin ang sagot sa kanyang mga katanungan. *Exposure*, isang buwang pakikisalamuha sa masa sa kanayunan, ang naging programa ng kanyang pag-alis. Nang mamaalam siya sa kanyang ina, hindi niya tuwirang sinabi na sasabak siya sa armadong pakikibaka. Ngunit alam niyang batid ito ng kanyang ina.

Isa't kalahating araw na naglakad si Karlos at kanyang mga kasama. Tulad niya, miyembro din sila ng KM sa lungsod. Dapat sana'y apat na oras lang ang lakad tungo sa kampo pero pinili nila ang mas mahabang daan dahil may militar na nagpapatrol sa kanilang daraanan. Totoong masukal ang landas tungo sa pagbabago, ngunit maliwanag ang kinabukasang hangad ni Karlos.

Nang kinulang sila ng suplay ng pagkain, ang masa ang tumulong sa kanila. Nakita niyang kapanig ng kilusan ang masa. Nakita rin niyang totoo nga ang mga suliranin na kanyang unang napag-aralan sa PADEPA. Kitang-kita niya ang atrasadong kalagayan ng kanayunan dahil sa pagkakapako sa umiiral na kaayusan. Walang konkretong daan. Oras at kung ilang burol ang aakyat ang batayan ng layo ng kanilang lalakaran. Nakita ni Karlos ang esensya ng armadong pakikibaka. Sa kanayunan, tugma ang praktika sa teorya.

Nang marating nila ang kampo, mainit silang sinalubong ng mga Hukbo. Inawitan pa sila ng "Awit ng Peti- B" – *digma ang tawag ng panahon at kalagayan*. Ayon kay Karlos, sa kapayapaan ng sagradong espasyong ito, naroon ang rebolusyon. Sa biglang-diin, hindi mo maiisip na may digmaang nagaganap. Ngunit sa tuwing nakikita niya ang masa at ang kanilang kahirapan, dalidaling bumabalik sa kanyang isipan kung bakit siya naroroon. Tuluyang napapawi ang alangan at takot sa kanyang isipan.

Isang bugkos, isang laban

Sa loob ng isang buwan sa kanayunan, natutunan ni Karlos ang kahalagaan ng pagpapakilos sa masa. Sa hukbo, ayon kay Karlos, sampung porsiyento lang ang gawaing militar, 90% ang gawaing pag-oorganisa at pagpapaunlad sa masa. Sa gawaing produksyon, tinulungan nila ang mga magsasaka sa pag-ani ng kanilang mga tanim na mais, palay, at saging. Sa mga barangay naman, kaisa nila ang masa sa pagpapatayo ng mga tahanan at pag-eduka sa kabataan sa baryo. Ang kanilang mga gamit, pagkain at rekurso ay buong-pusong iniambag ng masa. Sila raw ang bumubuhay sa rebolusyon.

Kaakibat din ng kanilang gawain ang pagtulong sa mga magsasaka sa mga isyung kanilang kinahaharap. "Kinakarate" diumano ng mga malaking negosyante sa bayan ang presyo ng kanilang mga produkto. Naging tungkulin nina Karlos na tulungan

ang mga magsasakang hindi nakapag-aral ng nararapat na palitan at paggiit ng makatarungang presyo para sa kanilang mga produkto.

Maging ang malaking interes sa pautang sa mga magsasaka ay napagtuunan nila ng pansin. Kalahati kasi ng buwanang kita ng isang magsasaka ay pambayad-utang lang, napakalaking interes pa ang ipinapataw sa mga ito. Wala na raw halos natitira para sa kanilang pang-araw-araw na pangangailangan. Sa tulong ng mga kasama, napakilos ang higit sa isang libong magsasaka para tutulan ang sistemang ito ng pag-uusura.

Minsan, tinanong si Karlos ng isang masa kung bakit "naligaw" siya sa lugar na iyon. Napakabata pa raw niya at mataas pa ang pinag-aralan. Ngunit hindi naliligaw si Karlos. Malinaw ang lahat sa kanya, sa lahat ng kanyang nakita, na ang kanayunan talaga ang entablado ng rebolusyon. Sa ganitong mga pagkakataon, lagi't laging sumasanib sa kanyang isipan ang tanong na "para kanino?" Walang iba kundi para sa masa.

Malaki ang ambag ng kabataan sa rebolusyon, ani Karlos. Sa yunit pa lang nila, mula 20 hanggang 24 anyos ang edad ng mga kasama. Sabi niya, para walisin ang suliranin ng lipunan, maihalalintulad ang mga kasama sa isang bugkos ng tingting. Bawat ambag ng mga kasapi ay nakatutulong sa rebolusyon. Payo pa niya, ang kahandaan at kapasyahan ang magbibigay sa mga KM ng lahat ng karanasan at kahusayan upang ipagtagumpay ang rebolusyon.

Sa panahon ng pag-aalinlangan, tinatandaan niyang isang hakbang pasulong lang lagi ang nararapat. Patuloy siyang naninindigan sa pinaniniwalaan dahil, para sa kanya, "tama" ang rebolusyon. ✍

Mula sa "Adakrab," pahina 12

mga *kaddua* sa Hukbo tuwing nagbibigay siya ng pag-aaral. Malakas pa rin daw siyang dumighay at umutot. Si Egay nga iyon, wala nang iba.

Sa huli kong sulat sa kanya, nangako akong sa erya nila "bibisita" sa darating na anib sa Disyembre. Hindi na siya nakasagot.

Dakilang martir

Pinaslang si Egay, kasama ang dalawa pang kasamang Hukbo, ng 31st Infantry Battalion noong Nobyembre 2003. Namatay siya habang magiting na nakisagupaan sa kaaway para mailikas ang mga masang kasama nila. Naiatras pa nila ang kanyang bangkay at doon na siya inililing.

Magkahalong galit at lungkot ang nararamdaman ng lahat ng mga kasama at kaibigang iniwan niya. Sabi nga ng isang kasama, bata pa siya, marami pa sana siyang maiaambag sa kilusan. Malaking kawalan para sa rebolusyonaryong kabataan at mamamayan ang pagpanaw ni Ka Insiong.

Hindi man natin siya muli pang makikita, mananatiling buhay ang kanyang alaala sa mga tulad kong tinuruan niyang "magsuka."

Mensahe ng Kabataang Makabayan sa Ikalimang Anibersaryo ng Pagkakatatag ng ANAKBAYAN

Isang mataas at masiklab na pagpupugay ang ipinapaabot ng Kabataang Makabayan sa ika-limang taong anibersaryo ng pagkakatatag ng ANAKBAYAN, sa mga namumunong komite at malawak na kasapian nito.

Ipinagbubunyi ng KM ang mabilis na paglawak ng kasapian ng organisasyon sa loob ng limang taon. Sa kasalukuyan, umabot na ng mahigit 40,000 ang kasapian nito. Kalakhan nito ay nagmula sa mga kabataang nagmula sa uring magsasaka at manggagawa. Sumasaklaw ito sa halos lahat ng mayor na sentrong lungsod, probinsiya, at rehiyon.

Bukod-tangi ang ginampanang tungkulin ng ANAKBAYAN na pagkaisahin ang kabataan upang makibahagi sa pagsusulong at pagtatagumpay ng Pambansa Demokratikong pakikibaka at magsilbing organisasyon ng kabataan sa kilusang masa.

Sa unang dalawang taon ng ANAKBAYAN, matagumpay nitong naigpawan ang mga kinaharap na batayang suliranin – ang relasyon nito sa mas naunang itatag na League of Filipino Students (LFS) hinggil sa sakop at saklaw ng pagrerekluta ng organisasyon. Tinawid nito ang pag-oorganisa at pagpapakilos hindi lamang ng mga kabataang-estudyante, ngunit gayundin ng kabataan sa mga pabrika, opisina, kabukiran, at komunidad ng maralitang lungsod. Sa ganitong oryentasyon at kasapian, naging mas malalim at mahigpit itong katuwang sa pakikibaka ng batayang masa sa pagsusulong ng demokratikong interes.

Nanguna ang ANAKBAYAN sa anti-pyudal na pakikibaka ng mga magsasaka. Nakilahok at nakiisa rin ang organisasyon sa mga piketlayn at welga ng mga manggagawang pinagkaitan ng sahod, trabaho, at karapatan. Sa mga komunidad ng maralitang lungsod, mariin itong tumindig laban sa demolisyon habang lumubog at nakisalamuha ang mga kasapi sa mga komunidad. Gayundin, katuwang ng iba pang mga organisasyong tulad ng LFS at Student Christian Movement of the Philippines, pinamunuan nito ang mga kampanya at pakikibakang masa laban sa pagtataas ng matrikula at pagkaltas ng badyet sa edukasyon.

Matingkad din ang ginampanang papel ng organisasyong sa pagpapatalsik sa pasista at korap na pangulong Estrada. Bitbit ang panawagang, ***“Sobra nang pahirap, patalsikin si Erap,”*** mahigpit nitong isinulong ang pakikibaka ng mga mamamayan laban sa pagtaas ng presyo ng langis, giyera sa Mindanao, mababang pasahod, at pagkakait ng serbisyong panlipunan. Mahigpit rin nitong tinanganan ang pakikibaka ng sektor.

Ang pagdagsa ng daan-daang libong kabataan sa EDSA, Mendiola at iba pang sentrong lungsod sa bansa ay nagpapakita lamang ng militansya, kahandaan at kapasyahan ng kabataan na magpabagsak ng bulok na rehimen. Pinamunuan ng ANAKBAYAN ang libu-libong kabataang dumagsa sa EDSA at iba pang sentrong lungsod sa iba’t ibang bahagi ng bansa. Sa pamamagitan ng pakikipagkaisa sa lakas ng mamamayan, napatalsik mula sa Malacañang si Estrada noong Enero 2001.

Mula sa mga inaning tagumpay ng ANAKBAYAN, kasalukuyang tampok ang mas mariing hamon na lalo pang paigtingin ang pagkokonsolida sa kasapian ng organisasyon. Maisasakatuparan ito sa pamamagitan ng paglulunsad ng mga mas malawakang Basic Masses Integration (BMI) na nangangahulugan ng puspusang pakikipamuhay at pakikisalamuha sa batayang sektor at uring anakpawis, gayundin ng pagpapapunta sa kanyunan upang magsulong armadong pakikibaka. Binibigyang-diin din ang pagsulong sa mga interes ng batayang masa, bukod pa sa demokratikong interes ng sektor.

Kailangan na ibayong pagyamanin ang Pambansang Demokratikong Paaralan at armas ang kasapian ng wastong pagsusuri sa lipunan upang ihanda sila sa mas maigting na mga kampanyang-masa.

Binabati din ng KM ang pagpasok ng kabataan sa larangang elektoral. Nabalitaan ng KM ang pakikilahok ng sektor ng kabataan sa darating na eleksiyong 2004 sa pamamagitan ng bagong taguyod na partylist, ang Anak ng Bayan. Itinuturing ng KM na tagumpay ang pagkakabuo ng Anak ng Bayan na magbibigay-boses sa mas malawak na hanay ng kabataan at magiging tagapagtaguyod at katuwang ng sektor sa pagsusulong ng parliyametaryong pakikibaka. Sa pamamagitan ng pakikipagtulungan ng AB at Anak ng Bayan, mas maipapatampok at madaling matutugunan ang mga isyung kinakaharap ng mga kabataan mula sa lahat ng aping uri at sektor ng lipunan.

Gayundin, ibinibigay ng KM ang pinakamataas na pagpupugay at parangal sa mga martir na kasapi ng ANAKBAYAN. Sila ang nagbuwis ng buhay at nag-alay ng pinakamabigat na sakripisyo upang paglingkuran ang masa at itaguyod ang pambansang demokratikong pakikibaka. Ating ialay sa kanila ang lahat ng inabot na tagumpay ng organisasyon at ating balikan at isabuhay ang kanilang naging karanasan at praktika.

***Pagbati sa mga natamong tagumpay ng ANAKBAYAN!
Higit na mag-konsolida at puspusang maglingkod sa sambayanan!***

Datos ng Buhay

(i)

Ano nga ang pangalan nila

Piduy ang aking pangalan...si Alpredo.

Apelyido?

Sonio...

"Z" o "S" ang simula?

Hindi ko alam...

Ano ang ginagamit sa sensus ninyo?

Hindi kami nakakaranas mg sensus...

Isusulat ko na lang na nagsisimula sa "S," payag ka ba?

Kahit ano ang nasa una, Kasama...

(ii)

Ilang taon na kayo?

Ummm...hindi bababa sa sitenta...

Hindi ka sigurado?

Hindi ko maalala kung kailan ako pinanganak...

Naabutan mo ba ang panahon ng Hapon?

Nakapantalon na ako noon...

Kaninong mukha ang nasa pera noon?

Nakalimutan ko na...

(iii)

Saang lugar kayo ipinanganak?

Dito at matagal na akami sa lugar na ito...

Ang ibang kamag-anak?

May buhay at may patay na...

(iv)

Paano ka naghahanapbuhay?

Tinutulungan ako ni Seloy...

Seloy?

Ang bunso kong anak...

May pamilya na siya?

Lima na ang apo ko sa kanya...

(v)

Ano ang trabaho ni Seloy?

Nagkakaingin...nagtatrabaho sa kampo militar...

Gaano kalawak ang kanyang kaingin?

Maliit, mga limang rayna...

Ilan ang ani?

Kung maganda ang panahon, hanggang Enero na pangkain...

Anong trabaho niya sa kampo?

Nag-aayos ng kahoy, nag-aayos ng bakod... kung anu-ano pa...

Magkano ang bayad?

Hindi makakabili ng isang gatang ng bigas...

(vi)

Ang asawa niya?

Isang katulong...

Sa loob ng bahay?

Kung minsan, sa kampo militar din, naglalaba ng uniporme ng armi...

Magkano ang kita niya?

Maliit...sapat para sa sabon at gaas lamang...

Tuwing kailan siya nakakauwi?

Tuwing linggo, minsan bawat apat na araw...

Paano ang mga bata?

Dala niya 'yung bunso, 'yung iba, ako ang nag-aalaga...

(vii)

Nag-aaral ba ang mga bata?

Hindi... malayo ang eskwelahan...

Gaano kalayo?


Humigit-kumulang isang araw na lakad...

Paano na lang isa?

(Walang sagot, malayo ang tingin.)

Paano na lang ang ganitong klaseng buhay?

(Walang sagot, nakatingin lamang sa aking armalayt.)



Pasasalamat

Nang minsa'y ngumiti ka at nagpaalam
Kinakailangan mo na palang umalis,
Naglakad sa daang hinawan ng
iyong mga paa.

Tawirin ang ilog na iyong kinabubuhayan
At sunsunin ang gubat
pauwi sa iyong tahanan.

Mahirap nga naman ang abutan ng dilim
Alanganin ang matagpuan ng gabi.

At kami naman, ay, aming kasama sa
matagalang digmaan

Kami naman ay ngumiti

At pinanood ka namin sa iyong pag-alis,
Habang nagsisimulang kumagat ang gabi
At ang magaspang na pag-awit ng
mga kuliglig.

Pinakinggan namin ang iyong mga yabag.

Kayo ang sulo sa gabi ng ating bayan:
Wala kaming pag-aalinlangan sa dilim.

Pananambitan


Ni Luna Luz

Kay Teresa

Nang mabuwal ka,
mahal kong kasama't kaibigan,
sa malayong bundok,
malayo sa ating lungsod,
ano't bigla kang bumalik
para sa kandungan ko
muling bawian ng banal na buhay?

Bumalik ka noon,
sa sandaling iyon
ng pagkakatanggap ko ng balita,
sa sandaling iyon
na hindi na maaaring magkaroon ng katulad
sa kasalukuya't kinabukasan ng aking buhay,
sa sandaling iyon
nang naulinig ko
ang lahat ng pagkakatanong
ng mga kaibiga't kasama:
"Paano, paano siya namatay?"

Bumalik ka noon
idinanatay mo ang iyong mga palad
sa aking balikat, niyapos mo ako,
hinaplos mo ang aking buhok,
at bumulong ka:
"Siya, siya, umiyak ka hanggang nais mo."
Pinisil mo – anong higpit! – ang aking palad.



ng nagliliwanang na kalayaang
nagmumula sa kasarinlan ng bayang
tinubuan.

At mamahalin kita, aking kasama
Sa landas na pinili para sa atin ng bayang nakikibaka
at niyayakap na natin bilang atin.

Iniluwal ang ating pag-ibig ng digmang maka-uri:
linog ang maiikling sandali ng buhay sa pakikibaka
mga perlas na tutuloy sa salinlahing malaya
mula sa karahasan, karimlan
mula sa pagsasamantala.

Kasal


Ni Myra Regina Algarme

Kasama at mahal,

Sa paglalakbay ng ating mga isipan lampas
Sa himpapawid na nakikita ng ating mga mata
Higit pa sa naabot ng ating mga paa
Ano ang nasa dakong tinakda ng kasaysayang
Humihibla hanggang sa kinabukasan?
Samahan mo ako, aking mahal
At tuklasin natin ang mga silahis ng pulang umaga

Ang lahat ng panahon ay panahon ng pagpasiya
Ang bawat pagkilos ay anak ng paninindigan
at bawat salita ay butil ng katotohanang
mapagpalaya.

Panghawakan ang pangarap ng sangkatauhan
Para sa paglagot ng kadenang uri
At mga panaginip ng walang patid na pagtamasa ng
pagkatao ng tao.





Adakrab

ni Maria Milagros Marcial

katagang ito. Minsan ko kasing itinanong sa kanya ang ibig sabihin nito. Sabi niya, patungkol ito sa pagpapanibagong-hubog at "pagsuka" sa mga kagawiang peti-burges. Saka niya sinabing ang "pagsusuka" rin ang dahilan ng kanyang "pagbalik-loob."

Isang umaga raw kasi, lasing na lasing siyang sumakay ng bus papasok sa trabaho. Nasuka siya sa sobrang pagkahilo at saka ipinampahid ang *necktie* at *polo* niya sa kanyang katawan. Diring-diri sa kanya ang mga kapwa niya pasahero, galit pa siyang pinababa ng bus ng konduktor. Nang mahimasmasan, saka niya naisip na wala nang saysay ang buhay niya. Halos gabi-gabi na siyang umiinom, hindi na raw siya masaya. Pag-uwi niya ng bahay, kinausap niya ang asawa niya. Sinabi niyang babalik na siya sa kilusan.

Una kong nakilala si Egay noong 1998. Freshman pa lang ako noon sa UP at bagong kasapi ng KM, siya naman, mistulang baguhan at nangangapa kung paano magsisimula. Kusa siyang lumapit sa mga kasama at nagpahayag ng kagustuhang kumilos muli. Kakatuwa pa nga dahil sa tagal niyang nawala, napagkamalan na siyang *intel*. Sabi niya, inasahan naman daw niya iyon at alam niyang kailangan niyang magpursigi para makuha ang tiwala ng mga kasama.

Kasama at kaibigan

Hindi ko akalaing magiging malapit kong kaibigan si Egay. Kahit kasi noong maging "adakrab" ko siya sa gawaing edukasyon ng teritoryo, napakalayo ng katangian naming dalawa. Palibhasa'y bagong-bago pa ako noon, hindi ko pa lubos na naiintindihan ang mga sakripisyo at mga bagay na kaya niyang talikuran alang-alang sa rebolusyon. *Paano na ang pamilya mo? Ano'ng sinasabi ng anak mo? Ayaw mo na bang mag-aral o magtrabaho uli? Bakit ang baduy ng bakat na cutoffs mo?*

Pero hindi nagsawa si Egay sa pagpapaliwanag sa akin. Naiisip ko

ngayon, "lugi" nga siya at ako ang naging adakrab niya noon. Punung-puno kasi ako ng *angst* at hindi pa malalim ang kamulatan sa pagkilos. Kahit ang pagiging *fashion victim* ko pinatulan niya. Sabi niya, hindi naman daw sa ayaw niyang pumorma, gusto niya lang isabuhay ang simpleng pamumuhay maski sa pananamit niya.

Sa buong panahong nakasama ko si Egay, hindi matatawaran ang pagiging masipag niya sa larangan ng rebolusyonaryong edukasyon, lalo na sa gawaing instruksyon. Lagi siyang handang magbigay ng mga pag-aaral, kahit saan pa basta may mga estudyanteng handang makinig. Minsan nga, nag-ED kami sa isang nakaparadang dyip sa komunidad na kinikilusan namin, doon na rin kami natulog. Sa katunayan, siya ang nagturo ng halos lahat ng nakuha kong ED. Dahil mag-adakrab nga kami, lagi ko rin siyang kaklase sa mga pag-aaral sa Pambansa Demokratikong Paaralan.

Gayundin ang kasipagan niya sa pag-monitor at paggabay sa mga kasama para sa pagsulong ng PADEPA. Ang biruan nga noon, bukod sa trademark niyang bakat na pantalon, lagi na siyang may hawak na maliit na notbuk tuwing umiikot siya sa mga yunit. Doon niya itinatala ang lahat ng mga nailunsad na ED sa pang-araw-araw: "*Ayan na si Egay, magtago na ang walang ED!*"

Kaddua

Taong 2000 nang ipakilala ako ni Egay sa mag-ina niya. Papalapit na kasi ang alis niya para mag-*integ* sa kabundukan ng Isabela. Nagpatulong siyang ipaliwanag sa asawa niya ang kapasyahang makipamuhay sa masang magsasaka at maglingkod bilang Pulang Mandirigma. Ang habilin niya, lagi ko raw yayaing mag-*videoke* ang misis niya. Ibalita ko rin daw kung may natutunan nang bagong *chant* ang anak niya bukod sa "*Erap resign!*"

Simula noon, mga panakanakang *pasa-bilis* na lang ang komunikasyon namin. Kahit noong bumalik siya matapos ang ilang buwang programa sa integ, minsan na lang din kaming nagkita. Nagkahiwalay na kasi kami ng gawain noon. Nalaman ko na lang sa ilang mga kasama na bumalik na pala siya sa kanayunan at buong-panahon nang kumikilos doon. Hindi naman ako nagulat nang mabalitaan kong hangang-hanga sa kanya ang

Putting t-shirt, "*eighties*" na gupit ng buhok, *eyeglasses*, at "*bakat*" na *cut-offs* na pantalon – si Adakrab Egay, wala nang iba. Hindi na natin muling makikita ang anyong ito ni Adakrab, Ka Insiong para sa masang pinaglingkuran niya at nagmahal sa kanya. *Exhumation* ng kanyang bangkay sa Sabado – basag na salamin at gutay-gutay na kamiso't tapeta na lang siguro ang makikilala ng mga huhukay sa kanya.

Buhay-akademya

Taong 1994 nang mag-walk in si Egay sa Center for Nationalist Studies sa UP. Ito rin ang una at huling taon niya bilang Philosophy major sa unibersidad. Nagpasya siyang mag-FT sa pagkilos nang marekluta siya sa Kabataang Makabayan noong taon ding iyon.

Mabilis man ang kanyang naging pag-unlad, kinaharap niya ang isang personal na pagsubok sa maagang yugto ng kanyang pagkilos. Bagamat kaka-FT pa lang, nagpasya siyang mag-*low* para asikasuhin ang napipintong panganganak ng kanyang kabiya. Nagtrabaho siya mula 1995 hanggang 1997 para tustusan ang kanyang pamilya, pero hindi niya kailanman nakalimutan ang buhay-aktibista.

Ang pagsusuka ay isang mataas na antas ng rebolusyon."

Si Egay ang laging sumasagi sa isipan ko tuwing naririnig ko ang mga